

## Impormasyon sa Bird Flu para sa mga Employer

Ang bird flu, na kilala rin bilang avian influenza, ay isang sakit na pangunahing nahahawaan ang mga ibon at hayop ngunit maaari ring makahawa sa mga tao.

Ang mga manggagawang may kontak sa mga ibon, hayop, o dairy cow na nahawaan ng bird flu ay nasa panganib na mahawaan ng bird flu.

Maaaring kabilang sa mga sintomas ng impeksyon sa tao ang:

- Pamumula o discharge ng mata
- Lagnat (100 °F pataas)
- Pagkapagod
- Ubo
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pamamaga ng lalamunan
- Pagduduwal at pagsusuka
- Pagtatae
- Baradong ilong o sipon
- Mga pananakit ng ulo
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Pulmonya

Responsibilidad ng mga employer ang pagtiyak ng isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho para sa kanilang mga empleyado. Kabilang dito ang pagprotekta sa mga manggagawa mula sa mga panganib na dulot ng pagkakalantad sa trabaho sa bird flu. Ang sumusunod ay isang pangkalahatang-ideya ng ilan sa Code ng Mga Regulasyon ng California, Pamagat 8, mga seksyon na naaangkop sa pag-iwas at pagkakalantad sa bird flu na dapat sundin ng mga employer.

### Mga Kinakailangang Programa

Ang mga employer ay dapat bumuo, magpatupad, at magpanatili ng sumusunod na epektibong nakasulat na mga kinakailangan sa programa:



- **Seksyon 5199.1:** Tiyakin na:
  - Tinutugunan ng Workplace Injury and Illness Prevention Program (IIPP) ang mga epektibong pamamaraan para maiwasan ang pagkakalantad ng manggagawa sa mga zoonotic aerosol transmissible disease (ATDs). Ito ay mga sakit ng hayop na maaaring makahawa sa mga tao sa pamamagitan ng mga tilamsik, o sa pamamagitan ng maliliit na hindi nakikitang particle at droplet na nasa hangin.
  - Kinakailangan ang karagdagang hakbang sa pagkontrol sa pagkakalantad ng manggagawa kapag napapailalim ang lugar ng trabaho sa mga hakbang para sa pag-quarantine o iba pang utos sa pagkontrol sa impeksyon kahit na walang mga nahawaang hayop.
  - Kung saan may mga nahawaang hayop o kanilang mga dumi, mas mahigpit at mas protektadong mga hakbang ang kinakailangan para sa mga manggagawa. Halimbawa, malalapat ito kapag may kontak ang mga manggagawa sa mga dairy cow na nahawaan ng bird flu, hindi na-pasteurize na gatas mula sa mga nahawaang baka, nahawaang poultry, o nahawaang ligaw na hayop. May mataas na antas ng virus ng bird flu ang hindi na-pasteurize na gatas mula sa mga nahawaang baka.

(ipinagpatuloy sa susunod na pahina)

- **Seksyon 3203:** Magtatag, magpatupad, at magpanatili ng isang epektibo, nakasulat na programa sa pag-iwas sa pinsala at sakit sa lugar ng trabaho (injury and illness prevention program o IIPP).
- **Seksyon 5144:** Bumuo at magpatupad ng isang epektibong programa para sa proteksyon sa paghinga na may mga pamamaraan at elementong partikular sa lugar ng trabaho para sa kinakailangang paggamit ng respirator.

## Mga Kagamitang Pang-proteksyon at Panukala sa Pagkontrol

- **Seksyon 3380 hanggang 3387 at 5199.1:** Magbigay sa mga manggagawa ng personal na kagamitang pang-proteksyon (personal protective equipment, PPE) na angkop para sa mga panganib (mga panganib sa kemikal, biyolohikal, pisikal, o kaligtasan) na kung saan nalantad sila:
  - Ulo
  - Mata at mukha
  - Ilong at bibig
  - Katawan
  - Kamay
  - Paa
- **Seksyon 5141 at 5199.1:** Kontrolin ang mga nakapipinsalang pagkakalantad ng manggagawa sa mga substansya na may kakayahang magdulot ng masamang epekto sa kalusugan.
- **Seksyon 5192 at 5199.1:** Tiyakin ang sapat na pagsasanay at mga hakbang sa pagkontrol sa pagkakalantad para sa mga manggagawang nangangasiwa at nagtatapon ng mga patay na hayop o dumi ng mga ito.
- **Seksyon 5221 hanggang 5223 at 5199.1:** Magbigay ng epektibong pagsasanay at mga hakbang sa pagkontrol sa pagkakalantad para sa mga manggagawang kabilang sa pagpapasok o fumigation.



## Sanitasyon

- **Seksyon 3360 hanggang 3368 at 5199.1:** Kung kinakailangan, bigyan ang mga manggagawa ng angkop na:
  - Mga supply ng tubig para sa pag-inom
  - Paghuhugas ng kamay
  - Mga palikuran o banyo
  - Mga silid na bihisan
  - Mga paliguan
  - Mga lugar para sa pagkonsumo ng pagkain at inumin

## Mga Kinakailangan sa Pag-uulat at Pagtatala

- **Seksyon 342:** Iulat ang mga pagkamatay ng mga manggagawa na may kaugnayan sa trabaho at malubhang pinsala. May legal na responsibilidad ang mga employer na iulat agad sa Cal/OSHA ang anumang malubhang pinsala o sakit o kamatayan (kabilang ang anuman dahil sa bird flu) ng isang empleyado na nangyayari sa isang lugar ng trabaho o may kaugnayan sa anumang trabaho. May responsibilidad din ang mga employer na kontrolin ang pagkakalantad ng mga manggagawa sa mga mapanganib na materyal at zoonotic aerosol transmissible disease.
- Ang mga zoonotic disease ay ang mga sakit na maaaring maipasa sa pagitan ng mga hayop at tao.
- Ang mga aerosol transmissible disease ay ang mga naililipat na sakit sa pamamagitan ng mga tilamsik o sa pamamagitan ng maliliit

na di-nakikitang particle at droplet na nasa hangin.

- **Seksyon 14300:** Tiyaking nakadokumento ang lahat ng naitalang pinsala sa lugar ng trabaho ayon sa mga kinakailangan sa Form 300, 300A, at 301.

## Ano ang Dapat Gawin ng Mga Employer Para Maiwasan ang Impeksyon ng Bird Flu sa mga Manggagawa?

Ang mga employer ay dapat magtatag, magpatupad, at magpanatili ng epektibong nakasulat na mga pamamaraan para maiwasan ang pagkakalantad ng manggagawa sa mga zoonotic aerosol transmissible disease alinsunod sa Seksyon 5199.1 at 3203. Dapat kasama sa mga pamamaraang ito ang:

- Sanitasyon.
- Pagsisiyasat ng mga pinsala at sakit sa trabaho.
- Pagsasanay na sumasaklaw sa mga pamamaraan ng pagkontrol sa pagkakalantad ng employer at naaangkop sa nilalaman at bokabularyo para sa antas ng edukasyon, kakayahan sa pagbasa at pagsulat, at wika ng kanilang mga empleyado.
- Kung saan naaangkop - biosecurity at ang paggamit ng personal na kagamitang pang-proteksyon.

Gumamit ng karagdagang proteksyon kung ang iyong lugar ng trabaho ay nasa ilalim ng utos ng pag-quarantine, mga paghihigpit sa paggalaw, o iba pang utos sa pagkontrol ng impeksyon kahit na walang mga nahawaang hayop. Kung may mga nahawaang hayop, mas mahigpit at mas protektadong kinakailangan ang ilalapat.

Pagtibayin ang mga nakasulat na pamamaraan, kontrol, at kasanayan sa trabaho na nagbabawas sa pagkakalantad ng mga manggagawa, kung saan maaaring kabilang ang:

- Paggamit ng PPE
  - Proteksyon sa mata
  - Proteksyon sa paghinga (gamitin alinsunod sa **seksyon 5144**)

- Mga coverall
- Mga apron
- Mga guwantes
- Mga pantakip sa ulo
- Mga takip ng sapatos
- Mga kasanayan sa ligtas na trabaho, tulad ng:
  - Pagbabago ng mga gawain upang mabawasan ang produksyon ng mga aerosol (mga tilamsik at maliliit na particle o droplet ng respiratory secretion o iba pang likido sa katawan na maaaring naglalaman ng bird flu virus).
  - Wastong pagtatapon ng mga patay na hayop.
- Mga engineering control, tulad ng:
  - Paglalagay ng mga screen sa mga nakapaloob na lugar ng hayop upang maiwasang makapasok ang mga nahawaang wildlife at rodent.
  - Angkop na kagamitan sa bentilasyon upang alisin ang mga pathogen mula sa mga lugar ng trabaho ng empleyado.
  - Mga nakapaloob na ventilated cabinet.
  - Pagbubukod ng malulusog na hayop mula sa mga nahawaang hayop
  - Pagbasa ng tuyong putik o lupa, dayami, mga dumi, atbp., para mabawasan ang alikabok sa hangin.
  - Pagbasa sa mga lugar kapag nililinis ang mga lugar ng hayop (hal., paglilinis ng mga dumi ng ibon o kulungan ng hayop) para maiwasang mapunta sa hangin ang mga tuyong materyal.
- Sanitasyon at Biosecurity
  - Madalas na paghuhugas ng kamay at hindi paghawak sa mga mata, ilong, o bibig.
  - Paglalagay sa mga hayop sa ilang lugar.
  - Paggamit ng mga boot wash at pantakip ng sapatos kapag pumapasok at lumalabas sa mga lugar ng hayop.
  - Pagbibigay ng mga silid na bihisan at pag-aatas ng paggamit ng mga shower para

makapasok at makalabas sa mga lugar ng hayop.

- Pagkontrol sa trapiko papasok, palabas, at sa loob ng pasilidad.
- Programa ng Medikal na Serbisyo ng Employer
  - Dapat kumunsulta ang mga employer sa isang doktor o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (Physician or other licensed health care professional, PLHCP), at
  - Magbigay ng mga medikal na pagsusuri, pagbabakuna, gamot, pagsusuri sa kalusugan tulad ng inirerekomenda ng PLHCP ng employer at pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan.
- Komunikasyon at Pagsasanay
  - Pagsasanay ng empleyado sa pagpapatupad ng zoonotic ATD na plano.
  - Paano matukoy ang mga palatandaan ng sakit ng hayop, tulad ng pagtaas ng bilang ng mga namamatay na hayop at pagbabago sa kanilang mga pattern o gawi sa pagkain.
  - Ang mga kagamitang pangkaligtasan na ibinibigay ng employer para protektahan ang mga empleyado mula sa mga panganib na nauugnay sa zoonotic ATD, kabilang ang mga hakbang sa pagkontrol, PPE, at kagamitang pang-proteksyon sa paghinga.
  - Mga kasanayan sa trabaho na magagamit ng mga empleyado upang protektahan ang kanilang sarili, tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay, mga pamamaraan sa pag-decontaminate, at iba pang pamamaraan ng sanitasyon.
  - Mga pamamaraan ng pagsisiyasat sa pinsala at sakit sa trabaho ng employer.
  - Mga pamamaraan para sa biosecurity ng employer, kung naaangkop.
- Programa ng mga medikal na serbisyo ng employer Mga pagsisiyasat sa sakit na naaayon sa Programa ng Pag-iwas sa Pinsala at Sakit ng employer.

Para sa karagdagang kinakailangan para sa pagprotekta sa mga manggagawa mula sa bird flu at iba pang zoonotic aerosol transmissible disease, mangyaring tingnan ang buong regulasyon, seksyon **5199.1**.

## **Ano ang Dapat Gawin ng Mga Employer Kung Nag-uulat ang isang Manggagawa ng Mga Sintomas ng Bird Flu?**

- Kaagad makipag-ugnayan sa iyong PLHCP na nangangasiwa ng iyong programa sa mga medikal na serbisyo at sa controller ng nakakahawang sakit ng iyong lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan o nars ng pampublikong kalusugan upang humiling ng tulong sa pagpapasuri ng manggagawa para sa bird flu. Kinakailangan ang pagsusuri upang ma-diagnose ang bird flu. Ang lokal na kagawaran ng kalusugan (local health department, LHD) ay makikipagtulungan sa iyo, sa iyong PLHCP, at/o sa empleyado upang ayusin ang pagsusuri sa isang naaangkop na lokasyon. Ang pagsusuri ay maaaring posible lamang sa isang pampublikong laboratoryo ng kalusugan (hindi isang komersyal na lab). Ang PLHCP ng employer ay dapat magbigay ng naaangkop na pangangalaga, paggamot, at mga referral kung kinakailangan. Maaari ring makapagbigay ang LHD ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-access sa naaangkop na pangangalaga at paggamot. Matatagpuan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa CDPH **LHD Communicable Disease Contact List**.
- Pagkatapos ikonekta ang LHD sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, ipadala ang manggagawa sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa kompensasyon ng mga manggagawa o klinika ng occupational medicine na kung saan may kaalaman ang mga tauhan tungkol sa bird flu. Dapat magsumite ang mga doktor ng **“Unang Ulat ng Doktor sa Pinsala o Sakit sa Trabaho” (Form 5021)** para sa bawat empleyadong sinusuri para sa sakit sa trabaho.

Iulat ang lahat ng mga kaso at pagkamatay sa ospital sa Cal/OSHA. Kumpletuhin ang “**Ulat ng Employer ng Pinsala o Sakit sa Trabaho**” (Form 5020) para sa bawat pinaghihinalaang sakit na nauugnay sa bird flu sa trabaho. **Itala ang lahat ng kaso** sa Cal/OSHA Log 300.

### Kompensasyon ng Mga Manggagawa

Dapat magbigay ang mga employer ng mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa para sa mga manggagawang nagkaroon ng bird flu habang nasa trabaho.

- Ang mga manggagawa ay malamang na hindi makakuha ng bird flu mula sa ibang tao.
- Malamang na mapatunayan ng mga empleyadong nalantad sa mga hayop habang nasa trabaho na mula sa trabaho ang kanilang sakit, maliban kung nalantad sila sa bird flu habang wala sila sa trabaho.

Mga benepisyo sa Kompensasyon ng mga Manggagawa:

- **Pangangalagang Medikal** – binabayaran ng employer ang lahat ng makatwiran at kinakailangang paggamot.
- **Mga Pansamantalang Benepisyo sa Kapansanan** – binabayaran ng employer ang bahagi ng nawalang sahod kung lumiban ang mga empleyado ng tatlo o higit pang araw sa trabaho dahil sa sakit.
- **Mga Benepisyo ng Permanenteng Kapansanan** – kung ang sakit ay nagdudulot ng permanenteng kapansanan.

### May Bayad na Sick Leave

Kinakailangang magbigay ang mga employer sa mga empleyado ng may bayad na sick leave.

Dapat pahintulutan ng mga employer ang mga empleyado na gamitin ang hanggang 40 oras o 5 araw, alinman ang mas malaki, ng nakolektang may bayad na sick leave sa loob ng 12 buwan.

Para maging kwalipikado, ang mga empleyado ay dapat na:

- Nagtrabaho ng hindi bababa sa 30 araw para sa parehong employer sa isang taon.

May karapatan ang isang empleyado na gamitin ang kanilang kinita onakolekta sa ika-90 araw ng pagtatrabaho, bagama't maaaring ipahiram ng isang employer ang may bayad na sick leave bago ang accrual.

### Labag sa Batas ang Paghihiganti

Ang lahat ng manggagawa sa California ay protektado ng mga batas sa paggawa, kabilang ang mga proteksyon sa paghihiganti, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Labag sa batas para sa mga employer na tanggalin, bawasan ang suweldo o oras ng trabaho, o kung hindi man ay parusahan ang mga manggagawa para sa pagsunod sa mga batas ng California o pagbabanta na iulat ang isang manggagawa sa mga awtoridad sa imigrasyon para sa pagsunod sa mga batas ng California.

Kabilang sa ilan sa maraming aktibidad na protektado mula sa paghihiganti sa ilalim ng batas ng California ang pagsasalita tungkol sa mga hindi ligtas na kondisyon o hindi nababayaranang sahod, pagtanggap na magtrabaho sa hindi ligtas na mga kondisyon, o pag-uulat ng hindi ligtas na lugar ng trabaho o paglabag sa labor.


Maaaring atasan ang mga employer na naghiganti na ibalik ang empleyado, magbayad ng sahod at magbayad ng mga parusa.

Ang mga manggagawa na naniniwalang nakaranas sila ng paghihiganti ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa [www.wagetheftisacrime.com](http://www.wagetheftisacrime.com), maghain ng reklamo sa paghihiganti online sa [www.dir.ca.gov/dlse/dlseRetaliation.html](http://www.dir.ca.gov/dlse/dlseRetaliation.html), o tumawag sa Labor Commissioner's Office (Tanggapan ng Komisyoner ng Paggawa) sa 1-833-526-4636.

## **Mga Mapagkukunan para sa mga Employer**

- Cal/OSHA
  - **Konsultasyon ng Cal/OSHA**
  - **Mga Publikasyon ng Cal/OSHA**
  - **Proteksyon mula sa Avian Influenza**
  - **Mga Panganib sa Pagkakatantad sa Zoonotic Aerosol Transmissible Disease**
  - **Modelong Programa sa Pag-iwas sa Pinsala at Sakit upang Matugunan ang mga Panganib sa Zoonotic Aerosol Transmissible Disease**
- CDC Influenza (trangaso)
  - **H5N1 Bird Flu: Buod ng Kasalukuyang Sitwasyon**
  - **Impormasyon sa Bird Flu**
  - **Pansamantalang Patnubay para sa Mga Employer upang Bawasan ang Panganib ng Novel Influenza A para sa mga Taong Nagtatrabaho sa o Nalantad sa Mga Hayop**
- Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng (California California Department of Public Health)
  - **CDPH Human Avian Influenza A(H5N1) Quicksheet**
  - **Paano Humiling ng Personal na Kagamitang Pang-proteksyon (Personal Protective Equipment, PPE) para sa mga manggagawa sa sakahan upang Maprotektahan Laban sa Avian Influenza**
  - **Kasalukuyang Sitwasyon ng Bird Flu**
- Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng (California California Department of Food and Agriculture)
  - **Mga Update sa Avian Flu**
  - **Komersyal na Poultry Biosecurity**
  - **Highly Pathogenic Avian Influenza (HPAI) H5N1 Virus sa Livestock**
- UC Davis Western Center for Agricultural Health and Safety
  - **Paglilimita sa Pagkakatantad ng Manggagawa sa Sakahan sa Bird Flu**

# Halimbawa ng Paano Maaaring Magbago ang Mga Kinakailangan ng Nag-iisang Employer sa Ilalim ng Pamantayan para sa Mga Zoonotic Aerosol Transmissible Disease, Code ng Mga Regulasyon ng California, Pamagat 8, Seksyon 5199.1



Enero 2025

Available ang dokumentong ito na may mga aktibong link sa

[www.dir.ca.gov/dosh/dosh\\_publications](http://www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications)

Para sa tulong tungkol sa paksang ito, maaaring makipag-ugnayan ang mga employer sa **Mga Serbisyo sa Konsultasyon ng Cal/OSHA (Cal/OSHA Consultation Services)** sa

1-800-963-9424 o [InfoCons@dir.ca.gov](mailto:InfoCons@dir.ca.gov)

[www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html](http://www.dir.ca.gov/dosh/consultation.html)

© 2025 California Department of Industrial Relations

